



Department of Justice

FOR IMMEDIATE RELEASE

CRT

Friday, March 5, 2021

(202) 514-2007

WWW.JUSTICE.GOV

TTY (866) 544-5309

Pahayag ni Pamela Karlan, Punong Kinatawan na Kawaning Abogado Heneral para sa Sangay ng Pangkalahatang mga Karapatang Sibil

“Ang Estados Unidos ay kasalukuyang nakaharap sa hindi inaasahang mga hamon, ang ilan sa mga ito ay nagpapaalab sa pagdami sa pagkapanatiko at pagkamuhi. Ang mga krimen sa pagkamuhi ay hindi maaaring kayanin sa ating bansa, at ang Departamento ng Hustisya ay magpapatuloy na ilagay ang lahat ng kinakailangang mapagkukunan patungo sa pagprotekta sa ating mga kapit-bahay at ating mga pamayanan mula sa mga karumal-dumal na mga kilos na ito. Ang Departamento, sa pamamagitan ng kanyang malakas na Sangay ng mga Karapatang Sibil, ay nananatiling matatag sa kanyang pangako sa pagsisiyasat at pag-uusig ng mga paglabag sa mga karapatang sibil, kapwa kriminal at sibil, at naghahanap ng hustisya para sa mga biktima ng iligal na diskriminasyon. Bilang karagdagan, sa mga nakaraang buwan, ang Sangay ay nagsanay ng daan-daang mga pederal na mga taga-usig at mga opisyal na nagpapatupad ng batas upang makilala, magsiyasat, at mag-usig ng mga krimen sa pagkamuhi at iba pang mga krimen sa mga karapatang sibil. Ang Sangay ay madalas din na nakikipag-usap sa ating mga kasamahan sa FBI at sa mga Tanggapan ng Abogado ng Estados Unidos habang nakikipagtulungan sila sa lokal na tagapagpatupad ng batas upang suriin ang mga posibleng mga krimen sa pagkamuhi. At ang FBI ay nag-alok ng suporta upang makatulong sa mga pagsisiyasat ng pang-kriminal.

“Sa pakikipagsamahan sa FBI at mga Tanggapan ng Abugado ng Estados Unidos sa buong bansa, ang Sangay ng Seksyon sa Kriminal ay agresibong nag-uusig sa mga krimen ng pagkamuhi, opisyal na maling pag-uugali, at iba pang mga paglabag na kriminal sa mga karapatang sibil. At ang kanyang iba pang mga Seksyon ay tinutugis ang iligal na diskriminasyon sa maraming mga aspeto ng buhay, kabilang ang pabahay, trabaho, pagboto, edukasyon, at ang pagpapatakbo ng mga programang pinondohan ng pederal, bukod sa iba pang mga lugar.

“Kapag ang isang krimen ay nauudyok ng pagkapoot batay sa lahi, relihiyon, kasarian (kasama ang oryentasyong sekswal o pagkakakilanlan ng kasarain), kapansanan, o pagkamamamayan, nagsasanhi ito ng isang alun-along epekto sa isang pamayanan. Walang sinuman sa Estados Unidos ang dapat mabuhay sa takot ng pagkabiktima dahil sa kung sino sila, kung paano sila

sumamba, saan sila nanggaling, o kung sino man ang minamahal nila. Ang pagkakaiba-iba ay sentro sa kung sino tayo bilang isang bansa, at ang Departamento ng Hustisya ay nakatuon na managot ang sinumang lumabag sa mga karapatang sibil ng iba.

“Para sa karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan sa mga pagsisikap ng Departamento na labanan ang mga krimen sa pagkamuhi, bisitahin ang www.justice.gov/hatecrimes.

“Kung naniniwala kang nabiktima ka ng paglabag sa mga karapatang sibil, mangyari pong bisitahin ang: <https://civilrights.justice.gov/> upang ipag-bigay alam ang isang ulat.”